

Ang Kailangan Mong Malaman para Tulungan ang Iyong Anak sa Paaralan

*Gabay ng mga Magulang,
Tagapag-alaga, at Caregiver*



Kung nasa isang pansamantala o hindi maayos na pamumuhay ang pamilya mo dahil sa pagkawala ng pabahay, baka karapat-dapat ang iyong anak para sa ilang karapatan at serbisyong pang-edukasyon.

Pagiging Karapat-dapat para sa Mga Serbisyo ng McKinney-Vento

Kung nakatira ang pamilya mo sa:

- isang shelter;
- isang motel o campground dahil sa kawalan ng alternatibong sapat na matutuluyan;
- isang kotse, garahe, abandonadong gusali, o istasyon ng bus o tren;
- kasama ang iba pang tao dahil sa pagkawala ng pabahay o pinansyal na paghihirap;

baka makatanggap ang iyong anak ng tulong mula sa pederal na batas na tinatawag na McKinney-Vento Act.

Mga Karapatan at Suporta ng McKinney-Vento

May karapatan ang iyong mga karapat-dapat na anak sa McKinney-Vento na

- makatanggap ng libre at angkop na pampublikong edukasyon.
- mag-enroll kaagad sa paaralan, kahit na kulang sa mga dokumento na karaniwang kailangan para makapag-enroll.
- mag-enroll sa paaralan at pumasok sa mga klase habang kinokolekta ng paaralan ang mga kailangang dokumento.
- mag-enroll sa lokal na paaralan; o patuloy na pumasok sa dating paaralan (ang paaralan kung saan siya nag-aaral noong may permanenteng tirahan o ang paaralan kung saan siya huling nag-enroll), kung iyon ang gusto mo.

**Kung naniniwala ang distrito ng paaralan na hindi para sa pinakamahusay na kapakanan ng iyong mga anak ang pinili mong paaralan, kailangan mong magbigay sa distrito ng nakasulat na paliwanag sa posisyon nito at ipaalam sa iyo ang iyong karapatang iapela ang desisyon nito.*

- makatanggap ng masasakyan mula at papunta sa dating paaralan, kung hihilingin mo ito.
- makatanggap ng mga serbisyon pang-edukasyon na maikukumpara sa ibinibigay sa iba pang mag-aaral, ayon sa mga pangangailangan ng iyong mga anak.



Mga Madalas Itanong

Kapag lumipat ako, kailangan ko bang panatilihin ang aking anak sa kaniyang dating paaralan o ilipat siya sa lokal na paaralan?

Maaaring nakakainis para sa mga bata ang paglipat-lipat ng paaralan. Kailangan nilang iwanan ang mga kaibigan at guro na kakilala na nila at makipagkilala sa mga bagong kaibigan, guro, at klase. Dahil dito, kadalasang mas mainam para sa iyong anak ang manatili sa kaniyang paaralan (ang paaralan kung saan siya nag-aaral), kahit na lumipat kayo sa ibang lugar.

Narito ang ilang tanong na kailangang pag-isipan kapag magpapasya kung kailangang manatili ng iyong anak sa dating paaralan o lumipat sa bagong paaralan kung saan kayo nakatira:

- Ilang taon na ang iyong anak?
- Gaano ka-permanente ang inyong kasalukuyang kaayusan sa tirahan? Pinaplano mo bang bumalik malapit sa dating paaralan o iniisip mong manatili malapit sa inyong kasalukuyang kaayusan sa tirahan?
- Napamahal na ba ang iyong anak sa kaniyang dating paaralan? Maaaring mahirapan sa paglipat ng paaralan ang nakatatandang anak na masyado nang napamahal sa kaniyang dating paaralan at/o magtatapos na.
- Gaano katindi ang pagkabalisa ng iyong anak dahil kailangan ninyong lumipat? Napakalaking pagbabago ba ng paglipat ng paaralan?
- Magiging sanhi ba ng pagkahuli sa klase at pagkakaroon ng mabababang marka ng iyong anak ang paglipat ng paaralan?
- Ito ba ang tamang panahon para lumipat ng paaralan ang iyong anak, tulad ng sa katapusan ng semestre o taong pampaaralan, matapos ang pagsusulit, o matapos ang kaganapan na mahalaga sa iyong anak?
- Ilang oras ang kailangang gugulin ng iyong anak papunta at pauwi sa dating paaralan? Maaaring magdulot ng negatibong epekto sa pag-aaral ng iyong anak ang mahabang biyahe.
- Mayroon bang mga problema tungkol sa kaligtasan na kailangang isipin sa pagpili ng paaralan na papasukan ng iyong anak?



Paano kung hindi kami nagkasundo ng paaralan tungkol sa kung saang paaralan dapat pumasok ang aking anak?

Kung ikaw at ang paaralan ay hindi nagkasundo, kailangang sabihin ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat kung bakit kailangang pumasok ang iyong anak sa ibang paaralan kaysa sa gusto mo. Kailangan ding sabihin ng distrito sa pamamagitan ng sulat kung paano mo iaapela ang desisyong ito. Maaari pa ring mag-enroll ang iyong anak sa, pumasok, at lumahok sa paaralan na sa tingin mo ay pinakamainam para sa iyong anak habang inaayos pa ang hindi pagkakasundo.

Kanino ako makikipag-ugnayan para makatulong sa edukasyon ng aking anak?


- May **lokal na liaison para sa edukasyon ng mga taong walang tirahan** ang bawat distrito ng paaralan. Matutulungan ka ng taong ito na magdesisyon kung aling paaralan ang pinakamainam para sa iyong anak at makikipag-ugnayan sa paaralan. Matutulungan din ng lokal na liaison ang iyong anak na makakuha ng mga gamit para sa paaralan, karagdangang serbisyo, at libreng pagkain sa paaralan; magsaayos ng masasakyan papunta at pauwi mula sa dating paaralan; at matutulungan ka rin na humanap ng mga suporta sa komunidad.
- Kapag in-enroll mo ang iyong anak sa bagong paaralan, dapat mong hilingin na makilala ang kaniyang **(mga) guro**. Dapat mo ring kausapin nang madalas ang (mga) guro ng iyong anak para malaman ang lagay ng iyong anak. Kilalanin nang mabuti ang kahit isang guro sa paaralan ng iyong anak para makapagtanong tungkol sa gawain sa paaralan ng iyong anak at maibigay sa kaniya ang impormasyon na makakatulong para matuto ang iyong anak.
- Matutulunan ng **tagapayo ng paaralan** ang iyong anak na harapin ang mga pagbabago at hamon. Ibahagi sa taong ito ang anumang impormasyon tungkol sa kung paano kumikilos ang iyong anak sa inyong tahanan, o mga bagay na kinakaharap niya na posibleng makaapekto sa gawain sa paaralan.
- Ang iba pang tao na makabubuting kilalanin ay ang **punong guro ng paaralan, opisyal na sumusubaybay sa pagpasok sa paaralan, nagmamaneho ng bus, social worker ng paaralan, at nars ng paaralan**.
- **Makakatulong ang lahat ng kawani ng paaralan at distrito ng paaralan** para tiyaking nakukuha ng iyong anak ang lahat ng serbisyong kailangan niya para maging magaling sa paaralan. Isa



kang mahalagang ka-partner sa edukasyon ng iyong anak at dapat kayong kumilos bilang isang team kasama ang paaralan at distrito ng paaralan.

Ano ang mga dapat kong itanong tungkol sa mga serbisyo sa ilalim ng McKinney-Vento Act?

- Sino ang lokal na liaison para sa edukasyon ng mga taong walang tirahan? Paano ako makikipag-ugnayan sa kaniya?
- Ano ang available na masasakyan ng aking anak para makapanatili sa parehong paaralan (ang dating paaralan)?
- Kung lilipat ng paaralan ang aking anak, sino ang makakatulong sa amin para mailipat nang mabilis ang mga record sa bagong paaralan?
- Paano makakatanggap ang aking anak ng mga libreng pagkain sa paaralan?
- Paano makakatanggap ang aking anak ng mga libreng gamit para sa paaralan, kung kailangan?
- Sino ang makakatulong kung kailangan ng aking anak ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon? Gaano kabilis maisasaayos ang mga serbisyong ito?
- Anong akademikong tulong ang makukuha ng aking anak, gaya ng mga programang Title I o pagtuturo pagkatapos ng klase sa paaralan?
- Anong mga programa ang makakatulong na mapaunlad ang mga talento ng aking anak at matugunan ang kaniyang mga natatanging pangangailangan?



- Mayroon bang mga isports, musika, o iba pang aktibidad na available para sa aking anak?
- Paano makakapunta ang aking anak sa mga field trip ng klase o makakasali sa iba pang aktibidad ng paaralan kung hindi ko ito kayang bayaran?
- Mayroon bang programa ng preschool para sa aking mga nakababatang anak?

Anong magagawa ko para tulungan ang aking anak sa paaralan?

- Siguraduhing papasok sa paaralan ang iyong anak araw-araw at darating siya rito nang masigla at nakakain.
- Maglaan ng tahimik na lugar para gumawa ng takdang-aralin ang iyong anak, at magtakda ng oras araw-araw para tulungan ang iyong anak sa kaniyang takdang-aralin.
- Magtuon ng pansin sa mga pangangailangan sa kalusugan ng iyong anak at asikasuhin agad ang anumang problema.
- Tanungin sa iyong anak kung ano ang natutuhan niya sa paaralan. Hilingin sa kaniya na ipaliwanag ito sa iyo. Kung magpapakita ka ng interes sa edukasyon ng iyong anak, malalaman niya na mahalaga ito.
- Magbasa sa iyong anak araw-araw. Para sa mga nakatatandang anak,



Ang Magagandang Tanong Ay Nakakagawa Ng Magagaling Na Mambabasa

Ang pagtatanong sa mga bata kung ano ang nabasa nila ay tutulong sa kanila na maging mahusay sa pag-iisip

Para sa mga kuwento (kathang-isip):

- Anong nangyari? Ano sa tingin mo ang susunod na mangyayari? Bakit?
- Sino ang pangunahing tauhan? Gusto mo ba siya? Bakit? Gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Kung hindi, ano ang gagawin mo?
- Anong naramdaman mo sa kuwentong ito?

Para sa materyales na nakapagbibigay ng impormasyon (hindi kathang-isip):

- Tungkol saan ang artikulo o kabanata? Humingi ng maraming detalye hangga't maaari.
- Ano sa tingin mo ang pangunahing punto ng may-akda?
- Sa anong bahagi ka pinakainteresado?
- Sa palagay mo, bakit mahalaga ang impormasyong ito?

magtakda ng oras kada araw para sa magkasamang pagbabasa nang tahimik. Pag-usapan ang inyong binasa pagkatapos.

- Purihin ang iyong anak sa maganda niyang nagawa, gaya ng pagkakaroon ng magandang marka o paglalaro sa team ng isports ng paaralan.
- Makinig sa ibabahagi ng iyong anak at pag-usapan ang tungkol sa anumang problema na mayroon siya. Puwede mo ring ipakipag-usap ang mga problemang ito sa guro o tagapayo ng paaralan.
- Hikayatin ang iyong anak na sumali sa mga bagay gaya ng isports o musika.

Mga Sanggunian mula sa Pambansang Sentro para sa Edukasyon ng mga Taong Walang Tirahan (National Center for Homeless Education, NCHE)

Libreng Linya ng Tulong: 800-308-2145 o homeless@serve.org

Maaaring ipaliwanag ng NCHE ang mga karapatan ng iyong anak sa paaralan at kung paano makikipag-ugnayan sa lokal na liaison sa distrito ng inyong paaralan. Matutulungan ka ng lokal na liaison na ma-enroll ang iyong anak sa paaralan at masigurong matatanggap ng iyong mga anak ang mga kinakailangan nilang tulong.

Website: <http://nche.ed.gov>

- May napakaraming magandang impormasyon ang website ng NCHE, kabilang ang webpage para sa mga magulang na gustong matulungan ang kanilang mga anak sa paaralan: https://nche.ed.gov/ibt/parent_res.php.

Mga Parent Pack Pocket Folder


- Ang mga Parent Pack Pocket Folders ay mga folder kung saan maaari ninyong itago ang mahalalagang record at papel na may kaugnayan sa pag-aaral ng iyong anak. Ipinapaliwanag din ng folder ang mga karapatang pang-edukasyon ng iyong mga anak sa mga sitwasyon na nawalan ng matitirhan.
- Mag-order ng ganitong mga folder nang libre sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-308-2145 o pagbisita sa: https://nche.ed.gov/online_order.php



Lokal na Liaison



Coordinator ng Estado para sa Edukasyon ng mga Taong Walang Tirahan (State Coordinator for Homeless Education)



Ginawa ang dokumentong ito ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pamublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction), gamit ang wika at mga materyales mula sa Pambansang Sentro para sa Edukasyon ng mga Taong Walang Tirahan. Protektado ang dokumentong ito sa ilalim ng Creative Commons CC-BY. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa k12.wa.us



Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION